MAZI
ΣΤΗΝ ΑΠΟΣΤΟΛΗ
SAMA-SAMA SA MISYON

NOBYEMBRE 2026
KALENDARYO NG PANALANGIN

SAMA-SAMA SA MISYON

Araw-araw na Pagbasa ng Biblia • Sama-samang Pagpuri sa Diyos

Mga minamahal na kaibigan,
Habang lumalamig ang panahon at humahaba ang gabi, nawa'y makatagpo kayo ng init at kagalakan sa paglalaan ng oras kay Jesus. Nais Niyang makaugnayan kayo araw-araw sa pamamagitan ng pusong mapanalanginin.

Samahan kami sa Zoom para sa ating Linggo ng Panalangin, Nobyembre 7-14, alas-8 hanggang alas-9 ng gabi. Ang tema natin: "Nakaugat sa Biblia, Nakatuon sa Misyon."

Bisitahin ang ating website: https://zontanielpida.gr
Pahina sa Facebook: https://facebook.com/adventisthellas
Link sa Zoom: https://bit.ly/4zPwX6t

Inaasahan naming makasama kayo!

Misyong Griyego ng mga Adventista ng Ikapitong Araw
Kagawaran ng Ministeryo ng Panalangin



7-14 NOVEMBER AT 8:00 pm • Exclusively on Zoom

zoom

NOB. 1-6
Paglapit sa Diyos

Sa mundong puno ng mga pang-abala, hindi kusang nangyayari ang paglapit sa Diyos. Piliing maglaan ng oras sa Kanya. Manalangin. Ipasakop ang sarili. Magtiwala.

Panalangin: Panginoon, salamat sa pag-anyaya Mong magkaroon kami ng ugnayan sa Iyo. Sinasabi sa Santiago 4:8 na lalapit Ka sa amin kapag lumapit kami sa Iyo. Amen.

NOB. 7-14
Pandaigdigang Linggo ng Panalangin

Tema: Nakaugat sa Biblia, Nakatuon sa Misyon

Panalangin: Ama, nawa'y patatagin ng Iyong Espiritu ang aming pananampalataya sa Kasulatan at panibaguhin ang aming pangakong ipakilala si Jesus. Amen.

NOB. 15-21
Sama-samang Lumalago kay Cristo

Natatangi ang bawat isa sa atin at may kanya-kanyang pananaw. Minsan ay nagkakamali tayo at nakasasakit sa isa't isa, ngunit dapat tayong magpatawad at magkaisa sa misyon ng Diyos.

Panalangin: Panginoon, pagkalooban Mo kami ng kapatawaran at pagkakaisa. Patatagin ang pagmamahalan sa aming mga pamilya at iglesya upang maipakita namin si Cristo. Amen.

NOB. 22-30
Isinasabuhay ang Misyon ng Diyos

Paano tayo makikibahagi sa misyon ng Diyos? Hilingin nating ihayag Niya ang Kanyang kalooban at buksan ang ating puso at mga mata sa Kanyang mga plano, hindi sa sarili nating mga plano.

Panalangin: Panginoon, bigyan Mo kami ng pagnanais na gawin ang hinihiling Mo. Salamat sa pagbibigay Mo ng lakas sa mga oras ng kahinaan. Amen.

LINGGO	LUNES	MARTES	MIYERKULES	HUWEBES	BIYERNES	SABADO
1 **Lumapit sa Diyos** Santiago 4:8 *Magpasalamat sa Diyos sa pagtanggap Niya sa atin upang makipag-ugnayan sa Kanya.*	**2** **Unahing Hanapin Siya** Mateo 6:33 *Hilinging mauna ang Diyos sa iyong mga iniisip, plano, at pasya.*	**3** **Manatili kay Jesus** Juan 15:4-5 *Magpasalamat kay Jesus dahil nagbubunga nang pangmatagalan ang pananatili sa Kanya.*	**4** **Makipag-usap sa Iyong Ama** Filipos 4:6-7 *Ilapit sa Diyos ang bawat alalahanin at magpasalamat sa Kanyang kapayapaan.*	**5** **Magtiwala sa Panginoon** Kawikaan 3:5-6 *Ipaubaya sa Diyos ang iyong mga plano at hilinging gabayan Niya ang iyong landas.*	**6** **Maglaan ng Puwang para sa Diyos** Mga Awit 46:10 **Maaaring mag-ayuno sa isang kainan; gamitin ang oras na iyon upang manahimik sa piling ng Diyos.*	**7** zoom **"Nakaugat sa Biblia"** Mga Awit 119:105 Tagapagsalita: Robert Folkenberg
8 zoom **"Hindi Sapat ang Pagbasa ng Biblia"** Mga Awit 119:11,12 Tagapagsalita: Yannis Samaras	**9** zoom **"Ang Mensaheng Kailangan Pa Rin ng Mundo"** Pahayag 14:6-12 Tagapagsalita: Kim Papaioannou	**10** zoom **"Doktrinang May Mukha"** Juan 5:39 Tagapagsalita: Audrey Folkenberg	**11** zoom **"Ang Tunay na Gawain ng Espiritu"** Juan 16:13,14 Tagapagsalita: Claudio Gulyas	**12** zoom **"Hindi Ito Gawain ng Pastor"** Mateo 14-16 Tagapagsalita: Adrian Fernandez	**13** zoom **"Sa Bungad ng Canaan"** Pahayag 7:9,10 Tagapagsalita: Kostas Theofylaktidis	**14** zoom **"Hanggang sa Kanyang Pagparito"** 2 Timoteo 3:16-17 Tagapagsalita: Robert Folkenberg
15 **Iisang Katawan kay Cristo** 1 Corinto 12:12-13 *Magpasalamat sa Diyos dahil ginagawa Niya tayong iisang pamilya kay Jesus.*	**16** **Magmahalan sa Isa't Isa** Juan 13:34-35 *Hilingin kay Jesus na makita ang Kanyang pag-ibig sa ating mga ugnayan.*	**17** **Magtulungan sa mga Pasanin** Galacia 6:2 *Ipanalangin ang isang taong may mabigat na pasanin ngayon.*	**18** **Magpatawad nang Bukal sa Loob** Colosas 3:13 *Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang kapatawaran; humingi ng biyayang magpatawad sa iba.*	**19** **Palakasin ang Loob ng Isa't Isa** 1 Tesalonica 5:11 *Hilingin sa Diyos na ipakita kung sino ang maaari mong palakasin ngayon.*	**20** **Ipanalangin ang Pagkakaisa** Efeso 4:2-3 **Maaaring mag-ayuno sa matatamis; ipanalangin ang matamis na pagkakaisa sa ating mga iglesya.*	**21** **Lumago kay Cristo** 2 Pedro 3:18 *Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang biyaya at hilinging lumago sa pananampalataya.*
22 **Isinugo Gaya ni Jesus** Juan 20:21 *Magpasalamat kay Jesus sa pag-anyaya Niyang makibahagi tayo sa Kanyang misyon.*	**23** **Pagmulat sa Pangangailangan** Mateo 9:36-38 *Ipanalangin ang malasakit at mga manggagawa para sa ani ng Diyos.*	**24** **Makinig nang May Pag-ibig** Santiago 1:19 *Hilingin sa Diyos na tulungan kang makinig nang mabuti at magmahal nang tapat.*	**25** **Maglingkod Gamit ang mga Kaloob** 1 Pedro 4:10 *Magpasalamat sa Diyos sa iyong mga kaloob; itanong kung sino ang maaari mong paglingkuran.*	**26** **Magpasalamat sa Lahat ng Bagay** 1 Tesalonica 5:16-18 *Purihin ang Diyos sa Kanyang katapatan sa bawat kalagayan.*	**27** **Ipanalangin ang mga Bukas na Pinto** Colosas 4:3 **Maaaring mag-ayuno sa libangan; sa halip, manalangin nang may pagtitiwala sa mga pangako ng Biblia.*	**28** **Magliwanag para kay Jesus** Mateo 5:14-16 *Hilinging maakay ng iyong kabutihan ang iba tungo sa Diyos.*
29 **Ibahagi ang Mabuting Balita** Roma 10:14-15 *Ipanalangin ang lakas ng loob na ipakilala si Jesus sa isang tao.*	**30** **Tapat Hanggang Wakas** Mga Gawa 1:8 *Magpasalamat sa Espiritu sa kapangyarihang magpatotoo sa malapit at malayo.*					

***Sa linggong ito, ang mga Adventista ng Ikapitong Araw sa buong mundo ay naglalaan ng oras sa panalangin at pagninilay sa iisang tema: "Nakaugat sa Biblia, Nakatuon sa Misyon."**

MANALANGIN • MAKINIG • MAGMAHAL • MAGLINGKOD • MAGBAHAGI